# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 39 BILANG 8 BASAHIN AT TALAKAYIN AGOSTO 2019

EDITORYAL

## Hindi mapipigilan ang paglahok ng mga kabataan sa rebolusyon

Ibayong katapangan ang ipinamamalas ng kabataang Pilipino sa gitna ng matinding panunupil ng rehimeng US-Duterte. Harangin man ng mga pulis at sundalo ay patuloy silang nagmamartsa at nagpoprotesta. Kasama sila ng mga manggagawa at magsasaka na lumalaban para sa karapatan, lupa, sahod at trabaho.

Ang pinakasulong sa kanilang hanay ay tumutugon sa panawagan ng kanayunan—at doon, hahawak ng armas hanggang maipagtagumpay ang demokratikong rebolusyon ng bayan.

Dahil dito'y laging pinupuntirya ng mga pasistang hakbangin ng rehimeng Duterte ang mga kabataan. Nitong huli ay kinaladkad ni Bato dela Rosa ang mga kabataang aktibista at ang kanilang pamilya sa mala-sarswelang *hearing* sa Senado upang dungisan ang pangalan ng mga progresibong organisasyon. Pinaratangan ng berdugong senador ang mga organisasyon na nagnanakaw ng mga anak mula sa kanilang mga ina. Pinagsamantalahan ng rehimen ang damdamin ng mga tao at ang mga pamilya upang siraan ang aktibismo at gatungan ang kasinungalingan nito na "terorista" ang rebolusyonaryong kilusan.

Nais ding palabasin na ang mga kabataang aktibista ay mga menor de edad at nilason ang isipan ng mga komunista—isang pagtanggi sa tunay na katangian ng mga kabataang estudyante't intelektwal na aktibong nag-aaral at nagsusuri at lumalahok sa mga usaping panlipunan.

Nakakasuka ang pagpapanggap ng rehimeng US-Duterte na nag-aalala ito sa mga kabataan, gayong ito ang pangunahing nagpapahirap, sumusupil at pumapatay sa kanila

Karumal-dumal ang pagpaslang sa mga kabataang tulad ni Kian delos Santos, 17, na biktima ng mistulang henosidyong gyera kontra-droga. Target din ng estado ang mga kabataang magsasaka na sangkot sa laban para sa lupa tulad ni Joshua Philip Partosa, 20, na pinatay noong Agosto 15 sa Negros Oriental. Marami pa ang mga hindi mapangalanang kabataang biktima ng mga gyerang ipinataw ni Duterte sa bansa gaya ng Marawi *siege* na lumipol sa libu-libong sibilyan.

Dinaranas din ng kabataang Pilipino ang walang kaparis na



# KALATAS

Agosto 2019
TOMO 39 BILANG 8


NILALAMAN


1 Editoryal: Hindi mapipigilan ang paglahok ng mga kabataan sa rebolusyon

3 Bantay Karapatan

4 Community Support Program: Bagong katawagan sa lumang tipo ng karahasan

6 Panata sa kapitalista: Tuloy ang endo sa ilalim ni Duterte

7 Kilos Protesta

9 Tugon ni Patnubay de Guia: Hinggil sa gawaing pangkultura ng NDFP

10 Balitang TO

11 Kultura: Liham ng isang kabataang NPA sa kanyang magulang



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.*
*Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


gutom at kawalan dulot ng mga neoliberal na patakarang TRAIN at Rice Tariffication Law na nagpataas sa presyo ng mga batayang bilihin at pagkain. Tagos ang kasalatan sa mga batayang serbisyong panlipunan at sa sektor ng edukasyon na taun-taong pinagdadamutan ng pambansang badyet. Habang naglalaan ang rehimen ng daan-daang bilyong piso na pambili ng makabagong kagamitan ng AFP-PNP, itinutulak naman ang komersyalisasyon ng mga pampublikong pamantasan at pagdaragdag ng bayarin ng mga estudyante.

Ang araw-araw na paghambalos ng krisis sa ekonomya, pulitika, kultura at lipunan ang nagmumulat sa mga kabataan sa pangangailangang lumaban para matamasa ang kanilang mga karapatan. Ito ang nagtuturo sa kanila na hanapin at hawanin ang landas ng rebolusyon para mapalitan ang luma't nabubulok na sistema ng isang bago't makatarungang lipunan.

Hindi mapapasubalian ang mahalagang papel ng mga kabataan sa pagsisimula at pagpapalakas ng mga kilusang nagpabago sa agos ng kasaysayan. Ilang maningning na halimbawa ang Kilusang Mayo 4 sa China, Kwangju Uprising sa South Korea, at mga anti-imperyalistang pagkilos ng mga kabataang Amerikano na tumutol sa digmang agresyon ng US sa Byetnam. Sa Pilipinas, markado ang First Quarter Storm ng dekada '70 na yumanig sa lokal na naghaharing-uri na kinakatawan ng papet na rehimeng Marcos.

Sa TK, kinikilala ang malaking ambag ng mga kabataan sa pagpapalaganap ng mensahe ng rebolusyon. Sumibol ang mga makabayang organisasyon sa hanay ng mga estudyante na lumundo sa pagkakatatag ng Kabataang Makabayan. Lumitaw mula sa hanay ng mga kabataang intelektwal ang isang henerasyon ng mga rebolusyonaryong pinanday ng pakikibaka sa lansangan na malugod na niyakap ang simulain ng Partido Komunista ng Pilipinas. Humanay sila sa unahan ng pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga manggagawa, mga maralita sa kalunsuran at mga magsasaka sa kanayunan. Kapos man sa karanasan subalit nag-uumapaw ang kasiglahan at pagnanasang baguhin ang lipunan, walang takot nilang tinanggap ang hamon ng panahon na maging diklap para pag-alabin ang rebolusyonaryong kapasyahan ng masang anakpawis.

Batid nila mula sa mismong sariling karanasan na kung hindi sasanib ang kanilang kilusan sa pakikibaka ng malawak na masang anakpawis, hindi kailanman makakamit ang panlipunang pagbabago sa Pilipinas.

Ang pagkamulat at pagsanib ng mga kabataan sa rebolusyon ang nais pigilan ng imperyalismong US at naghaharing pangkating Duterte. Nangangamba ang rehimen sa pagdaluyong ng milyun-milyong kabataan sa mga lansangan kasama ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang maralita. Labis na kinatatakutan ng mga naghaharing-uri ang paglahok ng kabataan sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka na magwawakas sa malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas.

Kung gayon, hindi maaaring ihiwalay ang atake sa mga demokratikong organisasyon ng mga kabataan sa deklarasyon ni Duterte na tatapusin niya ang PKP-BHB-NDFP.

Ginamit ng mga ultra-kanang opisyal ang pakanang pagdinig ni dela Rosa sa Senado upang ipataw ang mas mabangis na Human Security Act at pagbuhay muli sa Anti-Subversion Law, militarisasyon sa mga kampus at pagsupil sa demokratikong karapatan ng mga estudyante—mga hakbang na magliligalisa sa pagtugis sa mga rebolusyonaryo at kritiko ng gubyerno.

Marapat suriin ang panggigipit sa mga progresibong kabataan, ang banta ng Batas Militar sa mga pamantasan, at pati ang pagmamadaling ipasa ang Mandatory ROTC Bill na pupuwersa sa

mga kabataang magsanay para maging reserbang sundalo ng AFP bilang bahagi ng kabuuang disenyo ng kontra-rebolusyonaryong digma ng rehimen. Ultimong layunin ng mga ito na kitlin ang pagsibol ng rebolusyonaryong kamalayan sa hanay ng mga kabataan sa pamamagitan ng pananakot, pandarahas, at pagsira sa pangalan ng rebolusyonaryong kilusan.

Katawa-tawa ang pag-aakala ng pangkating Duterte na mapipigilan nila ang mga kabataan na lumahok sa rebolusyon. Kasing hibang ito ng pangangarap na wakasan ang rebolusyon.

Hindi mapipigilan ng anumang rehimen, gamitin man nito ang buong lakas ng reaksyunaryong estado, ang paglahok ng mga kabataan sa rebolusyon. Ang patuloy na paghahari ng mga imperyalista, malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa sa bansa ang siyang magluluwal ng mga kondisyon upang mapukaw, maorganisa at mapakilos ang mga kabataan. At habang tumitindi ang inhustisya at karahasan sa naaagnas na lipunan, lalong nag-aalab ang pagnanais ng mga kabataang itayo ang isang panibagong mundong malaya sa pang-aapi at pagsasamantala.



Mulat ang mga kabataan na sila mismo ang lilikha ng lipunang kanilang inaasam. Kahit kailan, hindi magagapi ng mga pasistang tulad ni Duterte ang mga kabataang naghahangad na palayain ang sambayanan mula sa kahirapan at pambubusabos.

Tangan ang pag-asang dala ng pagtatagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon na may perspektibang sosyalista, susulong ang mga kabataan nang walang pag-aalinlangan tungo sa maaliwalas na bukas.

BANTAY KARAPATAN

## JCP-Kapanatagan, patuloy na binubulabog ang mga Mangyan ng Mindoro

Inilantad ng mersenaryong 203rd Infantry Brigade ng Philippine Army ang marahas na kalikasan ng Joint Campaign Plan Kapanatagan sa ginawa nitong operasyon sa komunidad ng mga Mangyan sa mga bayan ng San Jose at Rizal sa Occidental Mindoro at bayan ng Bongabong, Oriental Mindoro sa buwan ng Agosto.

Samu't saring paglabag sa karapatang tao ang naitala habang hinahalihaw ng 203rd Brigade ang mga komunidad sa interyor. Kabilang dito ang iligal na paghahalughog at pagpasok sa mga bahay, paninira ng ari-arian, pambubugbog, pananakot, pandarahas at intimidasyon, iligal na pag-aresto, iligal na pagkakampo at walang habas na pagpapaputok.

Tatlong Mangyan ang naging biktima ng walang habas na pagpapaputok ng 4th IBPA sa ilalim ng 203rd Brigade sa Sityo Mantay, Barangay Monteclaro, San Jose noong Agosto 8. Pinagbabaril ng mga sundalo ang bahay kung saan naroon ang tatlong sibilyan na kagyat na nagtakbuhan para makaiwas sa mga bala.

Pagkatapos nito ay sinira ng mga sundalo ang mga gamit ng masa at sinunog ang bahay.

Ginamit ng Southern Luzon Command (SOLCOM) ng AFP ang insidente upang palabasing nagtatagumpay ang *focused military operations* sa isla. Sa pahayag ng SOLCOM, nakasagupa ng pinagsamang 4th IBPA at PNP MIMAROPA ang BHB Mindoro sa Sityo Mantay noong Agosto 8. Nakaiwan umano ng isang M-16 na armalayt ang Pulang hukbo matapos ang 10-minutong palitan ng putok.

Mariing kinundena at pinabulaanan ng Lucio de Guzman Command - BHB Mindoro ang pahayag ng AFP at nilinaw na walang napalabang yunit ng Pulang hukbo sa panahon at lugar na iyon.

Ani Ka Madaay Gasic, mga sibilyan at hindi mga Pulang mandirigma ang pinaputukan ng mga berdugong militar.

Nito ring Agosto ay isang lider ng mga Mangyan-Bangon ang binugbog ng mga sundalo ng 4th IBPA sa Barangay Hagan, Bongabong. Pinagbintangan ng mga sundalo si Altang Dawsig na tagasuporta ng BHB at pinilit na umaming siya ang nagtago ng isang *generator set* na pagmamay-ari umano ng BHB.

Nagsumbong si Dawsig sa mga opisyal ng barangay hinggil sa pambubugbog sa kanya ng 4th IBPA. Lumapit din siya sa isang ligal na organisasyon ng mga Mangyan sa Mindoro na tumulong upang maidulog ang kanyang reklamo laban sa mga sundalo sa mismong gobernador ng Oriental Mindoro.

Isa namang kaso ng iligal na pag-aresto at pekeng pagpapasuko ang iniulat sa Barangay Lisap, Bongabong. Inaresto at dinala sa kampo ng mga sundalo ang isang Mangyan-Buhid na nagngangalang Ogum upang imbestigahan. Sa labis na takot at kagustuhang makauwi ay napilitan si Ogum na pumirma sa dokumento ng pekeng pagsuko na iniharap sa kanya ng kaaway.

Hindi kayang pagtakpan ng pakitang-tao na *community support program* ng AFP-PNP ang pandarahas nito sa mga Mangyan. Ang patuloy na panunupil ng rehimen ang nagtutulak sa mga Mangyan na lumaban hanggang ganap na mabigo ang JCP-Kapanatagan.

# Community Support Program

*Bagong katawagan sa lumang tipo ng karahasan*

Bago man sa katawagan, hindi maitatago ng rehimeng US-Duterte na walang pinag-iba ang pakanang Community Support Program sa mga nagdaan at lipas nang *civil military operation* o CMO na inilulunsad ng AFP-PNP. Ipinagpapatuloy lamang ng AFP-PNP ang mga mas pinabangis na mga hakbanging militar, propaganda at saywar makamit lamang nito ang itinakdang target ng Joint Campaign Plan-Kapanatagan.

Ang solusyong militarista ng rehimeng US-Duterte laban sa rebolusyonaryong kilusan ay higit na naglalantad sa kanya sa mamamayan. Kasabay ng mga inilulunsad na *focused military operations* (FMO) ng AFP-PNP, inilalarga nito ang mga CSP na binubuo ng *TRIAD operations* na saywar, paniktik at kombat sa mga komunidad na pinaghihinalaang mga base ng Partido at BHB. Imbes na tugunan ang mga batayang suliranin ng mamamayan, inilulunsad ng rehimeng US-Duterte ang CSP na isang tipo ng "*base-denial operation"* na may layuning takutin at ilayo ang mamamayan sa landas ng armadong rebolusyon at pagkaitan ng suportang masa ang BHB.

**CSP, pinasahol na anyo ng SOT, RSOT at PDT**

Sa esensya, ang CSP ay ang panibagong katawagan lamang sa dating SOT o Special Operations Team ng AFP sa ilalim ng Oplan Lambat Bitag noon pang panahon ng rehimeng US-Corazon Aquino. Kalaunan tatawagin ito bilang Reengineered SOT sa ilalim ng Oplan Bantay Laya at Community Organizing for Peace and Development o Peace and Development Teams ng Oplan Bayanihan. Karagdagang bago sa CSP ang pagpapatupad nito ng aktibong paglahok ng PNP sa mga operasyon mula sa dating mga pwersa lamang ng AFP.



Tulad ng mga nagdaang SOT at PDT, prayoridad na inilulunsad ang CSP sa kumpol ng mga baryong tinatayang malakas ang suporta at impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan. Hindi lamang sa kanayunan kundi maging sa mga sentrong bayan—sa mga eskwelahan at mga komunidad ng maralita. Layunin nitong wasakin ang baseng masa ng rebolusyon, durugin ang mga rebolusyonaryong organisasyon sa mga baryo at pagkaitan ng suportang masa ang rebolusyon. Dagdag na layunin ang pagpapalakas sa pagkontrol at impluwensya ng reaksyunaryong estado at AFP-PNP sa mamamayan.

Nagkukubli sa pamamaraang saywar ang CSP sa pamamagitan ng propagandang inasukalang bala o pasismong nakatago sa ipinapakitang 'kagandahang-loob' ng AFP-PNP. Ang kanyang hakbanging "nyutralisasyon" ng mga itinuturing na lider-masa at mga kadre ng Partido sa mga komunidad ay nangangahulugan ng pagpatay. Tulad ng Oplan Sauron na ipinatupad sa Negros, inilulunsad nila ang mga singkronisadong pagpatay at pag-aresto sa itinuturing nilang lider-masa sa mga target na baryo. Ginagawang ligal at lehitimo ang mga hakbanging ito sa pamamagitan ng pag-iimbento ng mga kaso at paglalabas ng mga dinoktor na *warrant of arrest.*

Samantala, mas pinatitindi pa ang sayops sa ilalim ng CSP para todong pasamain at wasakin ang rebolusyonaryong kilusan at mga demokratikong pakikibaka ng mamamayan. Tinatatakan ng rehimeng US-Duterte ang Partido at BHB na isang teroristang grupo upang ihiwalay sa mamamayan, isang taktikang napatunayang hindi naging epektibo noon pang panahon ng rehimeng US-Arroyo.

Ginagamit ng rehimen ang Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) na niresiklo naman mula sa mga kampanyang pagpapasuko tulad ng Balik-Loob Program para lumikha ng engrandeng palabas na diumano'y paparaming Pulang mandirigma ng BHB, kasapi at kadre ng Partido ang sumusuko upang lumikha ng isterya sa baseng masa. Kasabay nito, pinipilit at tinatakot ng AFP-PNP ang mga pamahalaang lokal upang ideklarang *persona non grata* ang Partido at BHB maging ang mga ligal na organisasyong tinatatakang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan.

Nangunguna din ang CSP sa paghadlang at pagsabotahe sa mga aksyong masa at mga *fact-finding mission.* Isinasangkot nito ang mga ligal na demokratikong organisasyon sa mga labanan, minamanipula ang mga imbestigasyon at pag-uulat sa mga labanan at krimen para idiin at idawit ang BHB at pagtakpan ang mga krimen at atrosidad ng AFP-PNP tulad ng nangyari sa Mindoro at Quezon noong Hunyo hanggang Agosto.

May higit na tutok din ang CSP sa mga hayag na demokratikong pakikibaka sa kalunsuran at mga sentrong bayan sa kanayunan kung saan naglulunsad ito ng mga operasyon laban sa mga ligal na organisasyon at mga pinaghihinalaan nilang indibidwal na may kinalaman sa rebolusyonaryong kilusan. Kinatatangian ito ng pagmimilitarisa ng mga eskwelahan at mga komunidad na mahigpit na tumutunggali sa mga patakaran ni Duterte. Desperado ang AFP-PNP na pilayin ang suportang natatamasa ng armadong rebolusyon mula sa kalunsuran.

**Niresiklong whole of nation approach, pinatingkad sa CSP**

Tulad ng PDT, pinatingkad ng CSP ang *whole of nation approach* o ang diumano'y pagpapakilos ng lahat ng *stakeholders* at iba't ibang ahensya ng reakysunaryong gubyerno kabilang ang mga pamahalaang lokal laban sa rebolusyonaryong kilusan para higit na tumalab ito. Mula ito sa konseptong *'strategy of holistic approach'* ng mga dating kontra-rebolusyonaryong programa.

**Nagkukubli sa pamamaraang saywar ang CSP sa pamamagitan ng propagandang inasukalang bala o pasismong nakatago sa ipinapakitang 'kagandahang-loob' ng AFP-PNP. Ang kanyang hakbanging "nyutralisasyon" ng mga itinuturing na lider-masa at mga kadre ng Partido sa mga komunidad ay nangangahulugan ng pagpatay.**

Sa ilalim ng *whole of nation approach*, ipinatutupad ng CSP ang iba't ibang programang pasipikasyong may layuning bigyan ng paimbabaw na mga solusyon ang mga batayang suliranin ng mamamayan. Kabilang dito ang programang PAMANA, 4Ps o *conditional cash transfer* at ang Kalahi-CIDSS o Kapit Bisig Laban sa Kahirapan-Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services. Binigyan ng kapangyarihan ang mga CSP o yunit ng AFP-PNP na nakalubog dito para pakialaman hanggang sa pangunahan ang mga proyektong ito na kakoordina ang mga LGU at mga sibilyang ahensya at institusyon.

Nag-eendorso at ginagamit din ng CSP ang mga sosyo-ekonomikong programa ng mga lokal na gubyerno at mga dayuhang ahensya na may malalaking pondo sa ilalim ng *overseas development assistance*. Ginagamit ng CSP ang mga proyektong ito at mga katulad para sa operasyong paniktik at saywar ng AFP-PNP.

Itinatayo rin ng mga CSP ang mga *barrio intelligence network* o BIN at mga organisasyong direktang pinatatakbo at pinangangasiwaan ng Intelligence Service of the AFP. Gaya ng dati, ang CSP na ang naghahanda sa mga baryo para sa pagbubuo at pagsasanay ng mga makinaryang gagamitin ng kaaway na siyang pangunahing hahadlang sa pagbabalik ng BHB at mga organisasyong masa.

Sistematikong ginagamit ng CSP ang pamamaraang *red-tagging* sa pagtarget at pagparalisa sa ligal na demokratikong kilusan sa kalunsuran. Upang maging lehitimo ang pag-atake sa mga pakikibakang bayan, patuloy na idinidikit sa armadong kilusan at sa PKP ang mga hayag at ligal na progresibong organisasyon at mga indibidwal.

**Bibiguin ng mamamayan ang CSP**

Bihasa ang reaksyunaryong gubyerno sa pagdadalawang-mukha at panlilinlang sa mamamayan pero mas bihasa ang mamamayan sa pagkilatis at pag-alam sa lahat ng mga pakana ng rehimen. Kahit gaano man pabanguhin at pagandahin ng rehimeng US-Duterte ang mga matagal nang bulok na pamamaraan ng reaksyunaryong gubyerno, tiyak na kagyat itong malalantad at lalabanan ng mamamayan.

Sa dami ng huwad na programang inilalako ng CSP, wala ritong naglalaman ng reporma sa lupa para sa mga magsasaka, pagbibigay ng nakabubuhay na trabaho sa milyun-milyong Pilipinong walang hanapbuhay at tunay na serbisyong sosyal para sa mamamayan.

Ang higit na pagbangis ng lahat ng anti-mamamayang pakana ni Duterte tulad ng CSP ang lalong maghahatid sa mamamayan sa landas ng rebolusyonaryong paglaban. Walang puwang ang ganitong mga anti-mamamayang pakana sa sambayanang matagal nang naghahangad ng tunay na demokrasya at kalayaan na makakamit lamang sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon. K

# Panata sa kapitalista

*Tuloy ang endo sa ilalim ni Duterte*

Ang pagpapatuloy ng kontraktwalisasyon ang isa sa mga dahilan ng matinding disgusto ng mga manggagawa kay Duterte. Pinakamatindi ang endo sa sektor ng serbisyo na bumubuo sa 58.5% ng kabuuang bilang ng mga taong may trabaho sa bansa. Ganito ang hinaharap ng mga manggagawa sa TK kung saan matatagpuan ang halos kalahati ng mga *operational manufacturing economic zones* sa buong bansa.

Kumukulo ang sitwasyon ng paggawa sa rehiyon. Walo hanggang siyam sa 10 manggagawa sa TK ang kontraktwal na nangangahulugan ng mas mababang sahod at dagdag na bulnerabilidad sa pang-aabuso ng maneydsment. Nagbubunsod ang ganitong kalagayan ng sunud-sunod na welga na pangunahing panawagan ang regularisasyon.

Sa nakaraang mga buwan ay naglunsad ng mga welga ang mga manggagawa sa NutriAsia-Cabuyao, Peerless Products Manufacturing Corp o Pepmaco-Calamba at Monde Nissin-Sta. Rosa sa probinsya ng Laguna. Sa ibang pagawaan tulad ng Daiwa Seiko Philippines Corp. at Gardenia Bakeries Phils. ay patuloy ang mga negosasyon sa Collective Bargaining Agreement (CBA) para gawing regular ang daan-daang empleyado ng mga kumpanya.

Ramdam ang ligalig sa kaliwa't kanang protesta ng mga manggagawa. Sa pagtatangkang hamigin ang anakpawis, samu't saring pangako ang pinapakawalan ni Duterte na siya naman mismo ang sumisira. Ang pinakahuling halimbawa nito ay ang pag*veto* niya sa Security of Tenure (SOT) Bill, isang panukalang batas na tinagurian ng mga burukrata sa Kongreso na solusyon umano sa kontraktwalisasyon.

**Anti-manggagawang batas at rehimen**

Mayo pa lamang ay pinaingay na ng senado ang SOT Bill na isinulat ng baguhang senador na si Joel Villanueva. Sa mga pahayag sa midya, ibinabandera ng mga burukrata ang SOT Bill na "katapusan ng endo."

Taliwas sa pagtatapos ng endo ang nilalaman ng pinal na bersyon ng SOT Bill na inaprubahan ng kongreso at sinang-ayunan ng mga kapitalista. Binibigyang-luwag nito ang mga kumpanya na ipagpatuloy ang kontraktwalisasyon sa bisa ng probisyon nitong nagbabawal ng *outsourcing** sa mga trabahong may direktang kinalaman o esensyal sa negosyo ng kumpanya. Batay sa karanasan, iikutan lamang ng mga kapitalista ang probisyong ito at idedeklarang hindi esensyal ang mga trabahong papasukan ng mga kontraktwal na empleyado.




Kahit na walang ngipin at nagpapanggap lang ang SOT Bill ay inayawan pa rin ito ni Duterte. Umani ang kanyang pag*veto* ng negatibong reaksyon mula sa publiko na umaasang kahit papaano ay makakatulong ang SOT Bill sa manggagawa. Lalong nagalit ang mamamayan nang mangatwiran si Duterte na hindi ito dapat isabatas dahil hindi raw "balanse" ang interes ng manggagawa at negosyante rito.

Malinaw sa sagot ni Duterte kung kaninong interes ang pinaglilingkuran ng reaksyunaryong gubyerno. Nakabalangkas na sa batas ang pagpapahintulot at pagpapalaganap nito ng kontraktwalisasyon. Taong 1989 nang ipasa ng rehimeng Corazon Aquino ang RA 6715 o Herrera Law na yumurak sa karapatan ng manggagawa sa regular na trabaho.

Resulta nito ang kawalang kaseguruhan sa trabaho o matinding kontraktwalisasyon kung saan posibleng manatiling hindi regular ang isang manggagawa kahit na 10 o 15 taon nang nagtatrabaho sa kumpanya tulad ng karanasan ng mga manggagawa sa Pepmaco, Tanduay Distillers Inc. at Manila Cordage Company at Manco Synthetic Inc. (MCC-MSI).

Mistulang hari ang mga kumpanyang hindi kayang kontrolin ng reaksyunaryong Department of Labor and Employment (DOLE). Harap-harapang sumusuway ang mga ito sa mga kautusan ng DOLE na gawing regular ang mga manggagawa gaya ng ginawa ng Coca-Cola Femsa noong 2018.

Kung titingnan ang rekord ng DOLE, lalabas na lampa ang ahensya at hindi man lang naggigiit sa mga kumpanya na sumunod sa mga kautusan o tumupad sa mga CBA. Dito pa lang

mahihinuha ang pakikipagkutsabahan ng DOLE sa mga *employer*, lalo pa't ito ang pangunahing nag-iimbestiga sa mga kaso ng kontraktwalisasyon. Sa ganitong bulok na sistema wala talagang maaasahan ang mga manggagawa sa DOLE at sa rehimen kundi ang patuloy na pag-iral ng endo.

**Endo sa kumpas ng neoliberalismo**

Ang kontraktwalisasyon at pleksibilisasyon sa paggawa ay salaminan ng pamamayani ng neoliberalismo sa lokal na ekonomya. Anyo ito ng deregulasyon kung saan ang pribadong sektor at mga negosyo, imbes na gubyerno, ang nagtatakda ng presyo ng kalakal, kasama na ang lakas-paggawa. Dahil nakokontrol nila ang halaga ng lakas-paggawa, nagagawa na ring itakda ng mga kapitalista ang paraan ng pag-eempleyo upang mas lalo silang makatipid sa sahod.

Sang-ayon sa kumpas ng mga dayuhang monopolyo kapitalista ang pagpapatuloy ng endo sa bansa. Sa pandaigdigang disenyo ng mga imperyalistang kapangyarihan, pinagkukunan ng murang lakas-paggawa ang mga bansang gaya ng Pilipinas. Ang pagtitiyak na kontraktwal ang kalakhan ng mga manggagawa sa bansa ay isa sa mga paraan upang matupad ito.

Katambal ng pagtataguyod ng kontraktwalisasyon ang pagsupil sa karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon. Sa TK, magkadugtong na ang mga kwento ng laban para sa regularisasyon at pagsikil sa mga unyon.

Halimbawa nito ang kasalukuyang laban sa NutriAsia-Cabuyao, kung saan hinaharang ng kumpanya ang sertipikasyon ng Kilusan ng Abanteng Sektor ng Anakpawis sa Nutri-Asia Manufacturing Division Cabuyao Plant-Organized Labor Associations in Line Industries and Agriculture (KASAPINA-OLALIA) na nagsusulong ng regularisasyon ng 1,000 kontraktwal sa pagawaan. Iligal ding tinanggal sa trabaho ang mga opisyal ng unyon na nangunguna sa pagpepetisyon na kilalanin ng NutriAsia ang KASAPINA-OLALIA bilang opisyal na kinatawan ng mga manggagawa sa negosasyong CBA.

Tumatampok din ang pagsasampa ng kasong kriminal laban sa mga manggagawang nagsasagawa ng welga upang igiit ang kanilang karapatan para sa regular na trabaho, dagdag na sahod, mahusay na kundisyon sa paggawa at iba pang lehitimong kahilingang pang-ekonomya at demokratiko. Nakakulong ang 17 opisyal at miyembro ng KASAPINA-OLALIA dahil sa mga gawa-gawang kasong isinampa laban sa kanila ng NutriAsia.

Walang duda—namanata na si Duterte sa mga kapitalista kaya walang bisa ang kanyang mga pangako na tapusin ang endo. Walang aasahang pagbabago ang manggagawa sa mga sirang pangako ng rehimen. Upang makamit ang seguridad sa trabaho at iba pang kahilingan, kailangang sumalig at umasa ang mga manggagawa pangunahin sa sarili nilang lakas.

Ang patuloy na pananalasa ng endo ay panahon ng pagpapasigla ng kilusang paggawa. Hamon ngayon sa mga manggagawa na magpalawak at magparami pa ng mga unyon. Magpatatag ng hanay at paninindigan. Magpunyagi sa harap ng dahas at puspusang makibaka, dahil hindi basta-basta papayag ang mga kapitalista na magwagi ang mga manggagawa.

Kapanalig ng mga manggagawa ang iba pang aping uri at ang rebolusyonaryong mamamayan sa umiigting nilang laban para sa trabaho at karapatan. Magbibigkis sila ng lakas at sama-samang magsusulong ng rebolusyon, hindi na lamang para tapusin ang endo, kundi upang tapusin ang malakolonyal at malapyudal na lipunan hanggang sa maabot ang tinatanaw na sosyalistang bukas.

**outsourcing - pagkuha ng isang kumpanya ng serbisyo ng mga manggagawa mula sa labas, karaniwan sa isang recruitment o manpower agency*

*KILOS PROTESTA*




## Regularisasyon, sigaw pa rin ng mga nagwewelgang manggagawa ng Monde Nissin

"Makuha man ang *separation pay* ay tuloy pa rin ang laban para sa regularisasyon."

Ito ang pahayag ng Monde Nissin Labor Association (MNLA-LIGA) na naglunsad ng matagumpay at ikalawa nitong welga noong Agosto 27.

Pangunahing layunin ng welga na igiit ang regularisasyon ng mga kontraktwal sa pagawaan ng Monde Nissin sa Sta. Rosa, Laguna.

Malaking tagumpay ng welga ang pagkakamit ng mga manggagawa ng kanilang kahilingan para sa *separation pay* ng 176 manggagawa na iligal na tinanggal sa trabaho ng Monde Nissin ngayong Agosto.

Ang makukuhang *separation pay* na nagkakahalaga ng hindi bababa sa P100,000 ay pinagkaisahan ng kumpanya at MNLA-LIGA sa negosasyong ginanap noong Agosto 27 . Ang kanilang pagkilos ay tugon sa iligal na pagtatanggal ng kumpanya sa 176 manggagawa na napagkasunduan na gagawing regular ng Monde Nissin sa unang welga ng unyon noong Agosto 6.

Lumahok din ang MNLA-LIGA kasama ang iba pang manggagawa mula sa NutriAsia at Peerless Products Manufacturing Corporation o Pepmaco sa protesta ng mamamayan noong Agosto 16, Araw ng mga Bayani. Binitbit ng mga manggagawa ang kanilang panawagan para sa seguridad sa trabaho, pagtataas ng sahod at pagpapanagot sa mga kumpanyang nandarahas sa mga unyon ng manggagawa.

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

## Paano itinataguyod at pinauunlad ng NDFP ang pambansa, syentipiko at makamasang kultura?

Habang nagpupunyagi sa demokratikong rebolusyon, sabay at mulat na binabaka ng rebolusyonaryong kilusan ang makadayuhan, pyudal, burgis at dekadenteng kultura na bumabalot sa lipunang Pilipino. Ngayo'y isinusulong natin ang isang pambansa-demokratikong rebolusyong pangkultura na nagtataguyod ng pambansa, syentipiko at makamasang kultura na papalit sa kultura ng kasalukuyang sistema. Tuluy-tuloy natin itong isusulong sa panahon ng tagumpay hanggang sa panahon ng sosyalistang konstruksyon.

Ang rebolusyong pangkultura ay integral na bahagi ng digmang bayan — ibig sabihin, isinasagawa ito kasabay ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa. Binabasag ng rebolusyong pangkultura ang atrasadong mga paniniwala sa pamamagitan ng syentipikong pag-aaral at edukasyong nakabatay sa Marxista-Leninistang pagsusuri. Tumatagos ito sa mga programa sa edukasyon ng mga organisasyong nakapaloob sa NDFP.

Pinangungunahan ng NDFP at rebolusyonaryong kilusan ang pagtataguyod at pagpapaunlad ng pambansang kultura. Hindi tulad ng reaksyunaryong estado na naninikluhod sa mga dayuhan, ipinagtatanggol natin ang soberanya ng Pilipinas at sa gayo'y ikinikintal sa diwa ng mamamayan ang pagiging makabayan. Itinataguyod natin ang sariling identidad at ang kaisipang pag-asa sa sarili habang binibigyang laya ang mga pambansang minorya na pagyamanin ang sariling kultura. Kinikilala natin ang kasaysayan, kapasyahan at identidad ng sambayanang Moro at Kordilyera dahil lehitimo nila itong karapatan na ipinagkait sa kanila ng mga dayuhan.

Bahagi ng pagtataguyod ng pambansang kultura ang aktibong paglaban ng NDFP sa mga patakaran ng reaksyunaryong rehimen na nagpapapurol sa patriyotikong kamalayan ng mga Pilipino tulad ng CHED Memorandum Order No. 20 na nag-alis sa Filipino *subject* sa kurikulum ng kolehiyo. Naninindigan tayo na dapat pag-aralan at paunlarin ng mamamayan ang wikang Filipino at mga lokal na lenggwahe. Isinasapraktika ng kilusan ang prinsipyo ng pagpapahalaga sa wika sa paggamit sa Filipino at iba pang lokal na lenggwahe sa ating mga pahayagan, dokumento, mga babasahin at iba pang materyales.

Tinutunggali rin ng rebolusyonaryong kilusan ang nakalukob na pyudal, atrasado at konserbatibong kultura na kinakatawan ng simbahan at pinatigas ng daan-daang taong pamamayani ng pyudalismo. Masasalamin ito sa mga walang-batayang mga paniniwala, kaugalian at pamahiin. Layon nating unti-unting pawiin ang ganitong kultura sa pamamagitan ng edukasyon at pag-aangat sa siyentipikong kamalayan ng masa.

Sa programa ng NDFP, titiyakin na ang lahat ay matututong bumasa, sumulat, bumilang at magpaunlad ng kaalaman upang mag-ambag sa lipunan.

Habang nasa yugto ng digmang bayan at wala pa sa sosyalistang konstruksyon, nagsasagawa na ng numerasiya at literasiya laluna sa hanay ng masang anakpawis upang kalagin sa kanila ang tanikala ng kamangmangan at mamulat sila



sa kanilang mapagpasyang papel sa pagbabagong panlipunan. Nakatayo na ang mga pambansa-demokratikong paaralan sa mga sona at baseng gerilya at maging sa mga lungsod upang tiyakin ang paghuhubog sa makauring kamalayan ng mamamayan.

Sa panahon ng tagumpay ay itatransporma ang kasalukuyang sistema ng edukasyon na hindi akma sa pangangailangan ng taumbayan. Titiyakin ng gubyernong bayan ang libreng edukasyon sa lahat ng antas. Hindi na magiging pabrika ng mga manggagawa ng dayuhang korporasyon ang mga pamantasan. Sa halip, maglilingkod ang mga ito sa pagtatayo ng nagsasariling ekonomya at pagpapanday ng pambansa at makamasang kultura.

Sa pagsusulong ng digmang bayan epektibo nating mahuhulma ang minimithi nating makamasang kultura. Simula't sapul ay ginagabayan ang rebolusyonaryong kilusan ng linyang masa na nagsasabing ang masa at masa lamang ang tagapaglikha ng kasaysayan. Kilusang masa ang ating pamamaraan sa pagsasagawa ng mga kampanya at programa sa kultura.

Sa usapin ng sining at midya, tinutunggali ng rebolusyonaryong kilusan ang burgis-dekadenteng kultura sa mga palabas, awitin, babasahin at programang ipinopopularisa sa telebisyon, radyo, internet at iba pang midyum. Ipinalalaganap ng mga ito ang pagkahumaling sa makamundong bagay, bisyo, indibidwalistang pananaw, pagkakanya-kanya at konsumerismo upang mailayo ang mamamayan sa landas ng pagkakaisa at pagrerebolusyon. Daluyan din ng kasinungalingan at panlilinlang ng estado ang masmidya na nagluluwal ng sandamukal na *fake news* habang pinagtatakpan ang kabulukan ng reaksyunaryong gubyerno.

Ang rebolusyonaryong alternatibo sa mga burgis na produktong pangkultura ay mga obrang sumasalamin sa tunay na kalagayan ng lipunan at mga adhikain ng mamamayan. Mula nang maitatag ang rebolusyonaryong kilusan, ipinalaganap na ang ganitong tipo ng sining sa mga eskwelahan, pabrika, palengke, kalsada at mga sonang gerilya. Hindi nahahangganan ang pagpapalaganap ng rebolusyon sa porma man ng awit, pelikula, dula, tula, dibuho, mural at iba pa.

***Ang rebolusyong pangkultura ay integral na bahagi ng digmang bayan — ibig sabihin, isinasagawa ito kasabay ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa.***

Tinatangkilik ito ng malawak na masa dahil ang masa mismo ang dinadakila at itinatanghal sa bawat obrang sining na sila rin ang inspirasyon.

Ilan sa mga ambag ng TK sa kaban ng mga rebolusyonaryong obra ang album na Dakilang Hamon na nagbandila sa mga aral ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at ang Dagitab na koleksyon ng mga akdang pampanitikan mula sa TK. Bukod dito'y nagsisikap ang rehiyon na magprodyus ng mga bagong awit, bidyo, mga sining biswal at iba pa na nagtatanghal sa pambansa at proletaryong kultura.

Kinakatawan ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS) ang bukluran ng mga rebolusyonaryong manggagawang pangkultura. Binibigyang kabuluhan nito ang talino, talento at galing ng artistang Pilipino upang magsilbi sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Nangunguna ito sa pagpapalaganap ng anti-imperyalista at anti-pyudal na mga pyesa at obra. Higit sa lahat, pinangungunahan ng ARMAS ang pagsasabuhay ng rebolusyong pangkultura sa lahat ng larangan mula sa mga lihim na organisasyon sa lungsod hanggang sa Pulang hukbo na direktang kalahok ng armadong pakikibaka.

Integral na bahagi ng rebolusyon ang rebolusyong pangkultura kapwa sa yugto ng digmang bayan at sosyalistang konstruksyon. Susing usapin ito upang malantad ang pagkabangkarote ng kulturang hatid ng imperyalismo at pyudalismo. Sa gayon, lalong magniningning ang katumpakan ng rebolusyong pinangungunahan ng uring proletaryado hanggang sa ganap na tagumpay. K

*BALITANG TO*

## 2 operasyong isnayp ng BHB-Mindoro laban sa 59th IB, tagumpay!

Matagumpay ang dalawang operasyong isnayp na inilunsad ng mga yunit ng Lucio de Guzman Command - BHB Mindoro laban sa 59th IBPA sa mga bayan ng Gloria at Socorro sa Oriental Mindoro noong Agosto 18 at 24.

Unang inatake ng BHB ang detatsment ng 59th IBPA sa Barangay Mirayan, Gloria bandang alas-4 ng hapon noong Agosto 18. Tinamaan ng isnayper ng Pulang hukbo ang target na hindi na nakagalaw matapos ang putok.

Sunod na inisnayp ng isa pang yunit ng Hukbo ang kampo ng 59th IBPA sa Barangay Mabuhay 2, Socorro. Dalawang bahay ng sundalo sa loob ng kampo ang pinutukan ng LdGC bago ang alas-6 ng umaga ng Agosto 24.

Sa parehong operasyon ay hindi nakaganti ni isa mang putok ang 59th IBPA. Ligtas na nakaatras ang mga operatiba ng BHB sa tulong ng masa. K



## Kontra-atake ng BHB Quezon, puminsala at nagdemoralisa sa AFP-PNP

Sunud-sunod na kaswalti ang tinamo ng AFP-PNP sa mga bigong operasyon nito laban sa mga yunit ng Apolonio Mendoza Command (AMC) - BHB Quezon na aktibong nagdepensa upang ipagtanggol ang sarili at ang mamamayan.

"Hindi na mapakali ang mga berdugong AFP-PNP sa tuwing pumapasok sila sa mga larangang saklaw ng BHB. Batid nilang hindi sila kailanman kakanlungin ng masa at kung gayon, ay makakatamo pa ng higit na pinsala kaysa sa mga atake nila sa masa," pahayag ni Jaime "Ka Diego" Padilla, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB TK.

Bigo ang higit 100 pinagsamang pwersa ng 80th IBPA at PNP Regional Mobile Force Battalion (RMFB) na pinsalain ang isang yunit ng AMC. Sa halip, nagtamo ng tatlong kaswalti ang mersenaryong hukbo sa tatlong sagupaan na naganap mula Hulyo 28 hanggang 30 sa Sityo Lagmak, Pagsangahan, Gen. Nakar, Quezon.

Malubhang nasugatan ang dalawang elemento ng AFP-PNP sa magkasunod na labanan noong Hulyo 28 at 29 habang patay naman ang isang sundalo noong Hulyo 30. Magiting na hinarap ng isang iskwad ng AMC ang tropa ng 80th IBPA at PNP na bahagi ng laking batalyong tropang dalawang linggo nang nag-ooperasyon at naghahasik ng teror sa lugar alinsunod sa kontra-rebolusyonaryong National Task Force to End Local Communist Armed Conflict.

Nagsisilbi ang 80th IBPA at RPMFB ng PNP na bantay at protektor ng mga dayuhang kumpanya sa likod ng Kaliwa Dam na balak itayo sa Barangay Magsaysay, Infanta at Barangay Pagsangahan, Gen. Nakar. Sila rin ang nananakot at sumusupil sa mga katutubong Dumagat, Remontado at mga magsasakang mahigpit na tumututol sa mapanirang proyekto.

Pagpasok ng Agosto ay dalawang operasyong isnayp naman ang inilunsad ng mga yunit ng AMC sa mga bayan ng Atimonan at San Francisco sa Timog Quezon. Ang mga isnayp ay bahagi ng kampanyang militar ng BHB laban sa JCP Kapanatagan.

Samantala, umabot sa 17 ang sugatang sundalo at pulis nang magkaroon ng *misencounter* sa pagitan ng AFP at PNP noong Agosto 5 sa Barangay Rosario Magnipad, Calauag, Quezon. Naglulunsad noon ng *pursuit operation* ang AFP-PNP laban sa isang yunit ng AMC na nakasagupa nito sa parehong barangay noong Agosto 4.

Labis na demoralisasyon ang dulot nito sa AFP-PNP, ayon kay Padilla. Nanawagan din siya sa mga pulis, sundalo at CAFGU na "talikuran ang marahas na indoktrinasyon ng AFP-PNP at pumanig sa hanay ng nakikibakang mamamayan."

BALITA

## Dating bilanggong pulitikal na si Miradel Torres, mainit na sinalubong ng mamamayan ng TK

Matapos mapatunayang walang katotohanan ang mga gawa-gawang kaso laban kay Miradel Torres, lumaya na siya noong Hulyo 29 makalipas ang limang taong pagkakabilanggo.

Nagdaos ng misa ng pasasalamat ang mga tagasuporta ni Torres sa Laguna noong Agosto 6. Dinaluhan ito ng mga estudyante at guro mula sa UP Los Baños.

Sa misang ito, ibinahagi ni Torres ang hirap na dinanas sa pagkakabilanggo, lalo pa't ipinagbubuntis niya ang kaniyang anak nang iligal na damputin ng CIDG at militar sa Quezon noong 2014. Kumikilos siya sa grupong Gabriela ng mga panahong ito at naka-*medical leave* noon dahil sa pagbubuntis. Dinetine si Torres sa kampo ng Southern Luzon Command sa Lucena, Quezon kung saan apat na araw siyang hindi pinakausap sa kahit na sino, mapa-abogado o kapamilya. Sa ikalimang araw pa ng kanyang pagkakadakip pinayagang dumalaw ang kaniyang pamilya kasama ang grupong Karapatan.

Aniya, matinding mental at sikolohikal na tortyur ang naranasan niya sa loob ng kulungan dahil sa ibinibintang sa kanyang kaso na *murder* at *frustrated murder.* Dahil dito, naging maselan ang kalagayan ng kaniyang pagbubuntis. Dalawang buwan siyang nasa ospital dahil sa pagdurugo, at saka inilipat sa isang normal na selda kung saan siksikan at higit na mahirap ang kundisyon. Laking pasasalamat ni Torres sa mga kasamang walang kapaguran sa pagtulong sa kanya. Ipinaglaban nila na makapanganak siya sa Philippine General Hospital at makapiling ang kanyang anak habang nakakulong sa loob ng pitong buwan.

Nanawagan din si Torres na patuloy na kumilos ang mga mamamayan upang mapalaya ang iba pang bilanggong pulitikal laluna't ang iba sa kanila ay patuloy na sinasampahan ng gawa-gawang kaso kahit nasa loob na ng piitan. Hinalimbawa niya ang isang bilanggong pulitikal na umabot na sa 50 ang kaso.

Hatid ni Torres ang mensahe ng pag-asa:

"Mahirap, masakit na makulong, mapalayo sa kapamilya. Para kang nawalan ng lakas. Pero sa buong panahon ay sinikap na gumampan pa rin sa mga gawain, para sa mamamayan na naging biktima ng sistema ng lipunan. Ang natutunan ko sa loob ay tuluy-tuloy pa rin na makibaka. Talagang nandiyan ang hirap pero tatag lang. Kahit tumagal ka pa, dalhin ka man sa Bilibid o sa correctional, makakamit pa rin ang paglaya."

August 3, 2019

Dearest Mama at Papa,

Kumusta na kayo? Sana'y datnan kayo ng sulat ko sa maayos at ligtas na kalagayan. Sorry kung ngayon lang ako nakasulat. Medyo mahirap lang magpadala ng sulat lalo ngayong mahigpit ang sitwasyong militar. Sobrang miss na miss ko na kayo pati ang mga kapatid at pamangkin ko!

Marami akong namimiss dyan sa labas gaya ng luto ni Mama sa madaling araw bago ako pumasok sa school. Naaalala ko tuwing magluluto ako. Oo nga pala, marunong na akong magluto, Ma! Paborito nga ng mga kasama dito ang luto kong ginisang munggo. Marami na rin akong natutunang recipe sa mga kasama rito.

Magaling na akong magsaing, maglaba at manahi! Ako na ang nagsusulsi ng mga tastas sa damit ko. 'Di na ako dapain sa mga lakaran at sisiw na lang sa akin ang mga ahunin sa bundok. Ang gaganda pati ng mga tanawin dito! Magugustuhan niyo dito. Sobrang lamig lang talaga. Namumuti na nga ako dito e. Haha! Tsaka nagkaroon na ako ng laman. 'Di na ako patpatin tulad ng dati.

Nakakatuwa kasi naaalala ko nung bata pa ako. Maraming salamat sa pagtuturo niyo sa aking bumasa, bumilang at marami pang iba. Masaya akong nagbabaliktanaw at nagkukwento sa mga kasama tungkol sa inyo. Gusto nga nila kayong makilala at maka-bonding. Sabi nila, siguro sobrang saya ng childhood ko dahil masaya ang mga ikinukwento ko sa kanila tungkol sa inyo. E totoo naman. Kaya nga sobrang namimiss ko kayo e. Loko lang kasi itong sistema ng lipunan e, kelangan talagang magsakripisyo na mapalayo sa mga mahal sa buhay at iwan ang maalwan na buhay para matugunan ang pangangailangan sa rebolusyon.

Alam kong marami kayong mga pangarap para sa akin. Makatapos ng pag-aaral, makakuha ng magandang trabaho, mapagawa ang luma na nating bahay at marami pang mga pangarap na binuo natin. Hindi ko kinakalimutan ang mga 'yun. Kaso ngayon, hindi na lang ang mga 'yun ang pangarap ko e. Mula nang mamulat ako sa kalagayan ng lipunan, naging pangarap ko na rin ang pangarap ng libu-libong mamamayan. At 'yun ay ang makawala sa matagal ng pang-aalipin at pagsasamantala.

Hindi kayo nagkulang sa akin. Mula sa mga pangaral at paalala para maging mabuti sa kapwa. Kayo ang nagturo sa akin ng tama at mali. Kaya nga nakita ko na mali ang magsamantala at mang-api at magpagamit sa nang-aapi. At nakita kong tama na huwag maging kimi at bulag sa nangyayari, na kelangang ipaglaban at ipagsigawan ang nararapat. Kaya nandito ako ngayon.

Kahit namimiss ko ang yakap ninyo, hindi ako nalulungkot dahil tulad ng pagmamahal ninyo sa akin, ganundin kainit ang pag-aaruga at pagmamahal ng masa. Napakalawak na ng pamilyang natagpuan ko dito sa kanayunan... dito sa kilusan. Kasama ko sila sa buhay at kamatayang pakikibaka para sa paglaya.

*Ma, Pa, alam kong hindi niyo pa rin lubusang nauunawaan kung bakit ako nag-NPA. Pero hindi rin ako magsasawang ulit-ulitin sa inyo na narito ako para sa mas maaliwalas na kinabukasan ng mas marami pang pamilyang Pilipino. Kahit kelan, hindi mawawakasan ang pagsasamantala at paghahasik ng kasamaan ng mga berdugong tulad ni Digong kung hindi babagsak ang reaksyunaryong sistemang pinaghaharian nila.*

*Habang bata pa ako, mahabang panahon pa ang kaya kong ibigay para sa rebolusyon. Gusto kong ibahagi ang talino at lakas ko rito dahil bahagi ako ng susunod na salinlahi at gusto ko rin na maging bahagi ng bagong pag-asa.*

*Gusto kong pasanin ang bahagi ng hirap na matagal niyong dinanas. 'Yung pag-aalala ninyo tuwing wala nang maisaing, paano kami pag-aaralin nang sabay-sabay, dadamitan at lahat na... lahat ng 'yan ay dahil sa bulok na sistemang pinaiiral ng reaksyunaryong gobyerno.*

*Mananatili pa rin akong anak ninyo at wala ng makakapagpabago pa sa katotohanang 'yun. Tunay ngang nagbago ako. Nagbago ako dahil hindi na lang sarili ko ang iniisip ko. Nagbago ako dahil naging mas responsable ako ngayon. Nagbago ako dahil mas malaki pang pagbabago ang hinahangad ko at ng ibapang kabataang tulad ko.*

*Hindi rin naman nag-alok ng maganda at maalwang buhay ang kilusan sa panahon ng rebolusyon. Makakamtan lang natin 'yun sa panahon ng tagumpay. Hayaan niyo't darating din ang araw ng tagumpay. Pero mas abot kamay natin ang paglaya kung kayo ay magiging kabahagi din ng aming pakikibaka.*

*Nandito kami para makinig sa bawat kwento ng magsasaka at kumilos para lutasin ang kanilang problema. Oo nga't laging nariyan ang panganib, ang kamatayan. Walang kasiguruhan. Pwedeng bukas, mamaya o sa 2027 ay mamatay ako. Maaaring dahil sa punglo o baka mahulog sa bangin. Pero ang gusto ko lang sabihin sa inyo ay... hindi kailanman masasayang ang buhay namin dahil iniaalay namin ito sa paglilingkod sa bayan.*

*Na-iimagine ko ang magiging reaksyon niyo sa sulat ko. Sasabihin niyo na namang nagdrama na naman ako. Haha. Maiba lang. Malamig na naman ang simoy ng hangin. Malapit na ang Disyembre, ang anibersaryo ng Partido at pasko. Sana naman paunlakan niyo ang imbitasyon kong pumasok kayo dito sa sona. 'Wag kayong mag-alala dahil kahit anong panghaharang ni Duterte, lagi kaming makakahanap ng paraan. Isa pa, malakas ang baseng masa dito sa erya namin. :)*

*Hintayin ko ang inyong tugon sa imbitasyon. Magpapadala na lang ako ng pinakamahigpit kong yakap sa sobre ng sulat na ito. Mahal na mahal ko kayo. Laging mag-iingat.*

*Lubos na nagmamahal,*

*Ging-ging*